

TAGSIBOL NA NEWSLETTER 2020 DAMI #9 ESPESYAL NA EDISYON

Sumusoporta sa mga Imigranteng Komunidad sa harap ng Krisis na dulot ng COVID-19

Limang (5) Programa ng APILO para sa mga kabataan

Konseho ng Tagapayo ng Kabataan

Itinatag ng APILO ang Konseho ng Tagapayo ng Kabataan (Youth Advisory Council “YAC”) noong 1997 bilang isang programa ng kabataan na pinamunuan ng mga kabataan upang tumulong sa pagpigil sa karahasan. Mula nang ito ay umpisahan, ito ay unti-unting nagbago bilang isang katarungang panlipunan at pag-unlad para sa pangkasanayan ng mga estudyante na nasa mataas na paaralan. Sa pamamagitan ng YAC, ang mga estudyante sa mataas na paaralan sa buong Bay Area ay lumikha at nagpatupad ng mga pagtatanghal, workshop, kampanya, at proyekto sa sining / media sa tungkol sa mga karahasan sa pakikipagdeyt ng mga kabataan at iba pang mga isyu na nakakaapekto sa kanilang komunidad.

Ang YAC ay nakabuo ng kurikulum na pang kabataan, para sa kabataan, sa mga sumusunod na paksa:

- Karahasan sa tahanan: karahasan na nakabatay sa kasarian, kultura ng panggagahasa, pahintulot, nakakalason na pagkakatukoy, alamin ang iyong mga karapatan.
- Imigrasyon: karapatan ng mga imigrante, mga mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa DACA para sa mga kabataan ng API (ASPIRE), pag-krus ng landas ng imigrasyon, pagkakakulong, at karahasan sa tahanan.
- Kasarian at sekswalidad ng mga AAPI: mga karapatan ng queer / trans, karahasan sa mga relasyon ng LGBTQ
- Mga Lokal na isyu ng kabataan: karahasang may kinalaman sa baril, kawalang ng seguridad sa mauupahan or matitirahan, at gentrification, pambu-bully, TITLE IX, atbp.



Pakikipagtulungan sa mga Paaralan at Organisasyong Batay sa Komunidad

Ang Programang pang-kabataan ay nakikipagtulungan sa mga paaralan at mga organisasyon na nakabase sa komunidad upang madagdagan ang pag-access sa mga serbisyong panlipunan at serbisyong ligal sa aming mga komunidad. Halimbawa, nakipagtulungan kami sa Laney College, Oakland Unified School District (sa pamamagitan ng API Student Achievement and Dual Enrollment program), at San Francisco State University upang ibahagi ang aming kurikulum sa pag-iwas sa karahasan at nag-aalok ng mga serbisyong panlipunan at serbisyong ligal.

Nagawa rin namin ang co-programming sa mga samahan ng Oakland Asian Youth Collaborative upang linangin ang komunidad at itaguyod ang mga serbisyong panlipunan sa mga kabataan ng Oakland na iba ang lahi o kulay ng balat. Panghuli, ang aming tagapamahala ng programa ng kabataan, na si Bianca, kamakailan ay naglathala ng isang gabay sa kurikulum kasama ang California Faculty Association tungkol sa rasismo ng anti-Asyano, na ipapatupad sa mga high school at kolehiyo ng California.

Pamamahala (Pangangalaga)ng Kaso ng Kabataan

Ang aming kabataan / pamamahala ng pangangalaga ay nakabase sa pamamagitan ng modelo ng pagbabawas ng pinsala. Isinasaalang-alang namin ang mga katotohanan at kahinaan ng aming kabataan, at bumuo ng mga diskarte para sa kaligtasan at pagbabawas sa pinsala mula sa mga bagay na iyon. Aming pinapahalagahan ang mga relasyon sa mga kabataan habang sinusuportahan namin ang mga ito sa kaligtasan, pagpapayo, ligal na serbisyo, mga benepisyo sa pagbabayad-pinsala sa biktima ng krimen, at pag-navigate sa mga institusyon. Nagbibigay din kami ng naaangkop na mapagkukunan at mga sanggunian sa mga nauugnay na kasosyo sa komunidad sa pamamagitan ng mainit na pagpapakilala.



YAC Spotlights:



"Sa buong apat na taon ko bilang isang *intern* ng YAC, marami akong natutunan tungkol sa aking sarili, sa aking pamayanan, at sa mundo. Binigyan ako ng YAC ng mga kinakailangang mapagkukunan impormasyon upang turuan ang aking komunidad tungkol sa karahasan sa tahanan. Mas tiwala ako sa aking mga kakayahan at natutunan kung paano mabisang makisali sa aking mga kasamahan. "

- Emily Liang, nakatatanda

“Mula nang ako ay naging *intern* sa YAC, nasaksihan ko ang aking sarili na lumago sa iba't ibang mga paraan mula sa patayo upang maging pinuno at maging maunawain sa mga problemang kinakaharap ng aking komunidad. Sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga mabibigat na talakayan sa aking mga kaedad at kapwa miyembro ng pamayanan, natutunan ko kung paano maging tagapagtaguyod para sa mga nakaligtas sa karahasan sa tahanan at mainindihan kung ano ba ang kahulugan ng pag-ibig at pagkakaroon ng malusog na relasyon sa aking personal na buhay.” - Kathy Liang, senior



Ang Proyekto ng APILO tunkol sa Batas Pampamilya at pag-iwas sa Karahasan Laban sa Kababaihan.

Ang APILO ay nakatuon sa pakikipagtulungan sa mga komunidad upang maiwasan at maprotektahan mula sa karahasan sa pamilya at karelasyon ang mga tao sa komunidad. Ang aming mga kasanayan ay parehong nakatuon ukol sa mga nakaligtas sa karahasan at sa kanilang pinag-daanan.

Ang APILO ay nagbibigay ng mga serbisyo para sa mga naka-ligtas mula sa karahasan mula sa kanilang mga karelasyon. Ang mga serbisyong eto ay:

Restraining Orders, Dissolution, Ligal na paghihiwalay, *Nullities*,Pagiingat sa Bata, Pagbisita sa Bata, Suporta sa Bata, Suporta sa Asawa, Paghahati ng Pagaari, Paglabag laban sa sa mga kababaehan (Violence Against Women Act “VAWA”) Mga Tagapagtaguyod sa Sarili, I-751 Pag-alis na mga kondisyon sa Permanenteng Residente, *U-Visa* para sa mga biktima ng Krimen, *T-Visa* para sa mga biktima ng Ilegal na pangangalakal ng tao. Mga Pampublikong Benepisyo, Suporta sa buwis (Mga inosenteng asawa, nasugatang asawa), Mga Aksyon sa Pabahay, Mga sanggunian para sa Serbisyong Panlipunan at/o Pamamahala ng Kaso, Pagpaplano sa Kaligtasan.

**Ano ang
pangaabuso?
Pisikal
Seksual
Emosyonal
Sikolohikal
Pinansiyal
Paninitiktik**

Pang-aabuso sa kultura at Pang-aabuso sa Pagkakakilanlan

**IBA’T-IBANG URI NG
RESTRAINING ORDER**



Domestic Violence Restraining Orders (DVRO)

Ano ito? – Ito ay isang utos ng korte na makakatulong upang maprotektahan ang mga taong inabuso o mga banta ng pang-aabuso.

Kwalipikado ba ako?

Ikaw at ang taong nais mong pigilan ay dapat:

- Mag-asawa o registered domestic partners
- Diborsyo o hiwalay
- Deni-date or dating denidate
- Namumuhay ng magkasama o dating namumuhay na magkasama
- Mga magulang ng isang bata na magkasama O
- Malapit na nauugnay (magulang, anak, kapatid ng lalake, kapatid na babae, lola, lolo, biyenang)

Paano makakatulong sa akin ang isang utos mula sa korte upang mapigilang ang karahasan sa tahanan?

- Ang korte ay maaring mag-utos na pinipigilan ang tao na:

- Huwag makipag-ugnayan o lumapit sa iyo, sa iyonng mga anak o ibang pang nakatira kasama mo;
- Pagbabawal na mag-mayari ng baril o bala;
- Paalisin ka sa iyong tahanan;
- Sundin ang mga utos para sa pangangalaga sa bata at pabisita;
- Magbayad ng suporta sa bata;
- Magbayad ng suporta sa asawa;
- Sundin ang mga utos tungkol sa pagaari.

Gaano katagal ang bisa nito? - Sa pagitan ng anim (6) na buwan hanggang sa limang (5) taon. Maari itong panibaguhin.

MGA HAKBANG PANG-KALIGTASAN

Ang isang plano pang kaligtasan ay personal, praktikal na plano na may kasamang mga paraan upang manatiling ligtas habang nasa isang relasyon, plano ng pagalis, o pagkatapos mong umalis. Ang pagpaplano ng kaligtasan ay nagsasangkot kung paano makakaya ng isang tao ang mga emosyon, paano sasabihin sa mga kaibigan at pamilya ang tungkol sa pang-aabuso, gumawa ng ligal na aksyon, at marami pa.

Para sa tulong sa pagpaplano ng kaligtasan, mangyaring makipag-ugnayan sa:

National Domestic Violence Hotline

Call 1-800-799-7233,
Text LOVEIS to 1-866-331-9474

Asian Women’s Shelter

1-877-751-088

Riley Center

415-255-0165

WOMAN, Inc.

1-877-384-3578

Ruby’s Place

1-888-339-7233 / 510-303-9953 (Spanish)

